



## ***Sama-samang Binago kay Kristo!***

(Pambungad na Panalangin)

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

**UNANG PAGBASA** (Ex 24:3-8)

#### ***Ang Sinabi at ang Tugon***

<sup>3</sup>NOONG mga araw na iyon, lahat ng iniutos ng Panginoon ay sinabi ni Moises sa mga Israelita. Ang mga ito nama'y parang iisang taong sumagot, "Lahat ng iniutos ng Panginoon ay susundin namin."

#### ***Nakasulat na Sinabi at ang Altar***

<sup>4</sup>Isinulat ni Moises ang lahat ng utos ng Panginoon. Kinabukasan, maagang-maaga siyang nagtayo ng altar sa paanan ng bundok. Nagtayo rin siya ng labindalawang bato, na kumakatawan sa labindalawang lipi ni Israel.

#### ***Paghahanda sa Pagpapatibay***

<sup>5</sup>Pagkatapos, inutusan niya ang ilang kabataang lalaki na magdala sa altar ng mga handog na susunugin. Sila rin ang inutusan niyang pumatay ng mga hayop na gagamiting handog sa pakikipagtipan sa Panginoon. <sup>6</sup>Ang kalahati ng dugo ng pinatay na hayop ay inilagay niya sa malalaking mangkok at ang kalahati'y ibinuhos niya sa altar.



#### ***Katibayan ng Tipan***

<sup>7</sup>Kinuha niya ang aklat ng Tipan at binasang malakas. Sabay-sabay namang tumugon ang mga Israelita, "Susundin namin ang lahat ng utos ng Panginoon."

<sup>8</sup>Pagkatapos, kinuha ni Moises ang mga mangkok ng dugo at winisikan ang mga tao. Sinabi niya, "Ang dugong ito ang siyang katibayan ng pakikipagtipang ginawa sa inyo ng Panginoon sa pagbibigay sa inyo ng kautusang ito."

Tema: **Ang Dugo ng Kasunduan (Tipan)**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang Pagbasa na ito ay kabilang sa seksyon ng Ang Tipan ng aklat ng Exodo, Ex19: 1-24,18.

Maraming ginawang bagay para sa Israel si Moises:

- Pinarating ang mga sinabing salita at mga

ordinansa sa mga tao (b. 3).

- Isinulat ang mga salita ng Panginoon (b. 4).
- Nagtayo ng altar at 12 na haligi (b. 4).
- Nagpadala ng mga kabataang lalaki na kumuha ng kalahati ng dugo at inilagay sa malalaking mga mangkok (b. 5).
- Ang iba pang kalahati ay ibinasbas niya sa altar (b. 6),
- Kinuha ang aklat ng Tipan at binasa ito (b. 7),
- Kinuha ang dugo at winisik ito (b. 7).
- Ang dugo na winisik sa mga tao ay tukoy na dugo ng Tipan (b. 8) at ang tugon ng mga tao:
- Gagawin namin ang... (b. 3).
- Lahat ng sinabi ng Panginoon... gagawin namin... (b. 7).
- Ang tipan ay isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at Israel. Hiniling ng Diyos sa Israel na panatilihin ang kanyang mga salita; positibo ang pagtugon ng Israel. Ang pagwiwisik ng dugo ay nagpapatibay ng Tipan. (Ang lahat ay nasa kaayusan. Ang Israel ay handang sumunod sa Diyos.)

## PAGNINILAY

Pumasok sa pakipagrelasyon ang Diyos sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng pagbubunyag ng kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang mga salita at kautusan.

Ang mga tao naman ay nakipagrelasyon sa Diyos sa pamamagitan ng positibo at kabuuang (lahat ng sinabi ng Panginoon ...) pagtanggap at paggawa ng Salita ng Diyos.

## SALMONG TUGUNAN (Slm 115) SA PANGINOONG TUMUBOS KALIS NG INUMI'Y HANDOG.

### IKALAWANG PAGBASA (Heb 9:11-15)

<sup>11</sup>MGA kapatid, dumating na si Kristo, ang Dakilang Saserdote ng Bagong Tipan. Siya'y naglilingkod doon sa sambahang lalong dakila at walang katulad, hindi ginawa ng tao, alalaong бага'y wala sa sanlibutang ito.

Minsan lamang pumasok si Kristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. <sup>12</sup>Hindi dugo ng mga kambing at bisirong baka ang kanyang dalang handog, kundi ang sariling dugo, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin. <sup>13</sup>Ang dugo ng mga kambing at mga toro at ang abo ng dumalagang baka ay iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi. Sa gayun, sila'y nagiging malinis ayon sa Kautusan. <sup>14</sup>Ngunit higit na di hamak ang magagawa ng dugo ni Kristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili na walang kapintasan. <sup>15</sup>Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating puso't isip upang talikdan na natin ang mga gawang walang kabuluhan at paglingkuran ang Diyos na buhay.

Tema: **Ang Dugo ng Bagong Tipan**

## PAGPAPALIWANAG

- Tinatawag lamang si Jesus na pinakapunong Saserdote a aklat ng Mga Hebreo.
- Pagkakaiba ni Kristo bilang Punong Saserdote sa Punong Saserdote ng Lumang Tipan (LT)
- May mas mataas na uri ng pagkapari si Kristo kaysa sa pagkapari ng LT.
- Si Kristo ay pumapasok sa santuwaryo na gawa hindi ng mga kamay ng tao.
- Si Kristo ay pumasok hindi dala-dala ang dugo ng mga hayop, kundi ang kanyang sariling dugo. Inalay niya ang kanyang sarili, na walang dungis, sa Diyos.
- Tandaan ang Kristolohiya sa aklat ng Mga Hebreo:
  - Si Kristo ang Punong Saserdote.
  - Inalay ni Kristo ang kanyang sarili, hindi mga hayop. Kusa niyang inialay ang sarili sa Diyos.
  - Si Kristo ang tagapamagitan ng Bagong Tipan.
  - Ang Bagong Tipan ay naiiba sa Lumang (Unang) Tipan.
  - Ang Lumang Tipan ay nagpapabanal sa mga

taong nadungisan, nililinis ang kanilang laman, gayon pa man sila ay namatay.

- Ang Bagong Tipan ay naglilinis ng mga budhi, at ang mga tao ay panatag na magkaroon ng buhay na walang hanggan- isang mahalagang mana.

## PAGNINILAY

Sa LT, ang Punong Saserdote ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao; sa BT, ito ay si Hesus Kristo.

## MABUTING BALITA (Mc 14:12-16, 22-26)

### *Paskuwa*

<sup>12</sup>UNANG araw ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura, araw ng pagpatay ng kordero para sa Paskuwa. Tinanong si Hesus ng kanyang mga alagad, “Saan po ninyo ibig na ipaghanda namin kayo ng Hapunang Pampaskuwa?” <sup>13</sup>Inutusan niya ang dalawa sa kanyang mga alagad, “Pumunta kayo sa bayan. May masasalubong kayong isang lalaki na may dalang isang bangang tubig. Sundan ninyo siya sa bahay na kanyang papasukan <sup>14</sup>at sabihin ninyo sa may-ari, ‘Ipinatatanong po ng Guro kung saang silid siya maaaring kumain ng Hapunang Pampaskuwa, kasalo ng kanyang mga alagad.’ <sup>15</sup>At ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na mayroon nang kagamitan. Doon kayo maghanda para sa atin.” Nagtungo sa bayan ang mga alagad at natagpuan nga nila roon ang lahat, gaya ng sinabi niya sa kanila. <sup>16</sup>At inihanda nila ang Hapunang Pampaskuwa.

### *Ang Huling Hapunan*

<sup>22</sup>Samantalang sila’y kumakain, dumampot ng tinapay si Hesus, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinaghati-hati at ibinigay sa mga alagad. “Kunin ninyo; ito ang aking katawan,” wika niya. <sup>23</sup>Hinawakan niya ang kalis, at matapos magpasalamat ay ibinigay sa

kanila; at uminom silang lahat. <sup>24</sup>Sinabi niya, “Ito ang aking dugo ng tipan, ang dugong mabubuhos dahil sa marami. <sup>25</sup>Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom ng alak na mula sa ubas hanggang sa araw na inumin ko ang bagong alak sa kaharian ng Diyos.” <sup>26</sup>Umawit sila ng isang imno, at pagkatapos ay nagtungo sa Bundok ng mga Olibo.

Tema: *Ang Katawan at Dugo ni Hesus*

## PAGPAPALIWANAG

- Sinasabi ng bb. 12-16 kung saan maghahanda ang mga alagad para sa Pangilin ng Paskuwa.
- Ang Paskuwa ay tiyak na gaganapin, ayon sa itinakda ng batas, sa lungsod ng Jerusalem, ngunit saan ang tamang lugar sa panahong iyon?
- Ayon sa isang lalaking nagpapasan ng banga ng tubig, nasa “Itaas na Silid.”
- Ang Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura o Paskuwa ay pagdiriwang ng pagpapalaya ng mga Israelita sa Ehipto, nang may Pagmamadali— nagmadali na naghanda at kumain ng pagkain. Wala nang oras upang maghurno ng tinapay na may lebadura o pampaalsa. Basahin ang Exodo 12.
- Sinasabi ng bb. 22-24 ang tungkol sa Huling Hapunan kung saan si Hesus ay kumuha ng tinapay na walang lebadura at inialay ito bilang kanyang katawan at kumuha rin siya ng kopa ng alak at inialay ito bilang kanyang dugo.
- Sa Kapistahan ng Tinapay na walang lebadura o Paskuwa ay itinatag ang tinatawag nating Sakramento ng Eukaristiya.
- Ang unang piging ng Eukaristiya ay naganap sa konteksto ng pangilin ng paskuwa.
- May buong katiyakan si Hesus na nag-alay ng kanyang sarili bilang tinapay at dugo
- Ang Paskuwa sa LT (*Passover*) ay may bagong kahulugan; ito ay ang paskuwa ni

Hesus mula sa pagpapakasakit at kamatayan hanggang sa Muling Pagkabuhay.

## PAGNINILAY

Iniaalay ang katawan ni Hesus, sa anyo ng tinapay na walang lebadura, bilang pagkain.

Ang uri ng tinapay na kinakain sa kanyang Huling Hapunan ay katulad ng tinapay na kinain sa Ex 12, bago umalis ang mga Israelita mula sa Ehipto.

Iniaalay ang dugo ni Kristo, sa anyo ng alak mula sa ubas, bilang inumin. Ang uri ng alak sa Huling Hapunan ay ang katulad ng alak sa panahon ng hapunan ng Paskuwa. Ang mga Hudyo ay umiinom ng apat na kopa ng alak.

Mas higit pa nating maiintindihan at maibabahagi ang Eukaristiya kung binabasa natin ang ebanghelyo.

## II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa pagpapatibay ng tipan sa pamamagitan ng dugo ng mga hayop.

### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maaari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

Kinikilala sa Ikalawang Pagbasa si Kristo bilang Punong Saserdote kung saan ang kanyang dugo ay naglilinis ng mga konsiyensya at umaakay sa atin patungo sa walang hanggang mana.

Sinasabi ng Ebanghelyo ang tungkol sa dugo ni Kristo bilang dugo ng Bagong Tipan, na ibinuho para sa kaligtasan ng lahat.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Sa anong paraan tayo magiging mga tunay na tao ng Eukaristiya?

2. Ang Banal na Kapistahan ng Banal na Puso ni Hesus ay itinalaga din upang maging banal ang mga pari. Ipanalangin natin sila. (HM)

**-Pagpapaliwanag ni Fr. Cielo Almazan, OFM  
Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP**

*(Pangwakas na Panalangin)*

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

*Luwalhati...*

*(mula sa Prayers of the Pauline Family)*